GENERAL STATEMENTS

- Tayo ay nagsisimula na ng paghahanda para sa ikaapat at huling yugto ng proseso ng Performance Governance System o PGS, ang Institutionalization.

- Upang masabing Institutionalized na ang PGS sa Civil Service Commission, may ilang mga *assessment* at *audit* ang kailangan nating pagdaanan at maipasa – *Pre-Audit Assessment* sa June, *Performance Audit* sa July, *Impact Audit* sa August, at *Revalida* sa October.

CRITERIA FOR INSTITUTIONALIZATION

- Sa mga assessment na ito, layunin ng Institute for Solidarity in Asia o ISA na tukuyin kung naisasakatuparan ba natin ang ating *Strategic Objectives* at *Targets*, kung tayo ba ay nakakapagkamit ng tinatawag na *breakthrough results* o mga *accomplishments* na talagang may *impact* o pakinabang para sa ating mga pinagseserbisyuhan.

- Titignan rin ng ISA kung ang mga tungkuling ginagampanan ng bawat isa sa atin ay naka-*align* o nakahanay sa ating mga *Strategic Objectives* at *Targets*. Ibig sabihin, layunin ng PGS na siguruhin na ang bawat isa sa atin ay may papel sa pagtupad ng kabuuang *Vision* ng CSC, ang maging *Center of Excellence in Strategic Human Resource and Organization Development* sa Asya.

- Kung maipapakita natin sa ISA na tayo ay isang organisasyon na nagkakaisa at nagtutulung-tulong upang tuparin ang mga tinukoy nating *Targets,* isang organisasyon na may *focus* at malinaw ang mga prayoridad, tayo ay magagawaran ng *Institutionalized* status sa ilalim ng PGS. Malaking bagay ito para sa CSC dahil iilan lamang na mga ahensya ng pamahalaan ang nakarating na sa *Institutionalization Stage* at kung sakaling matupad nga ito, malaking karangalan ito para sa ating lahat.

BENEFITS OF STRATEGY-SETTING

- Higit sa karangalan ay mas mahalagang malaman natin kung ano ang naging benepisyo sa atin ng pagkakaroon ng malinaw na direksyon at makabuluhang *targets* sa tulong ng PGS. Ang isang organisasyon na walang *strategy* ay parang basketball team na gustong mag-*champion* ngunit hindi alam kung paano tatalunin ang kalaban. **[Chair Duque may ask the audience, "Kung ikaw ay isang *basketball coach*, anong naiisip mong *strategy* para palakasin at papanalunin ang iyong *team*?" Possible answers can be: determine the strengths and weaknesses of the team (what does your team do best?), determine the strengths and weaknesses of the opponent (what is their game style?), discuss and practice the role of each player, etc.]**

- Sa pagkakaroon ng *strategy*, nauunawaan ng bawat miyembro ng organisasyon ang kanyang papel at tungkulin, at nagkakaroon siya ng mas malalim na *appreciation* at

pagpapahalaga sa kanyang trabaho dahil alam niyang nakatutulong siya sa pagkamit ng mga layunin ng organisasyon at may *impact* ang mga ginagawa nya para sa taumbayan.

CALL TO ACTION

- Sa mga susunod na buwan ay gaganapin na ang mga *assessment* at *audit* para sa PGS Institutionalization, at umaasa ako sa kooperasyon ng bawat isa sa inyo. Marami tayong gagawing paghahanda sa Komisyon.

- Inaanyayahan ko kayong magsimula sa inyong mga sariling opisina. Kausapin ninyo ang *supervisor* ninyo, ang inyong mga kasamahan sa opisina, at sikapin ninyong maintindihan ang kaugnayan at kahalagahan ng inyong *individual targets* sa kabuuang *targets* ng Komisyon.

- Tanungin ninyo ang inyong mga sarili, “Kung ang CSC ay isang basketball team, KASALI BA AKO? Alam ko ba ang layunin ng team? At ano ang puwede kong maitulong para magtagumpay ang team na ito?”